ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

# MGA KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL

Kung nag-aalala ka na maaaring gumamit ng baril ang isang malapit sa iyo para saktan ang sarili o ang iba, maaari kang maghain ng kahilingan para sa Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril (Gun Violence Restraining Order) para mabigyan sila ng pagkakataon na ligtas na ma-access ang tulong at maiwasan ang karahasan na nauugnay sa baril at pagpapakamatay gamit ang baril.

Maaari mong i-access ang isang sunod-sunod na gabay at makita ang lahat ng kinakailangang dokumento upang maghain ng kahilingan para sa isang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril online sa gunsafety.ca.gov o sa iyong lokal na Korte Suprema.

## ANO ANG KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL?

- Ang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril ay isang **pansamantalang aksyon na ginawa ng isang lokal na hukuman** kapag nasa panganib ang isang tao na magdulot ng pinsala sa kanyang sarili o sa iba.
- Ang indibidwal na nasa krisis na tumatanggap ng kautusang ay **hindi maaaring bumili o magkaroon ng mga baril o bala** habang ipinapatupad ang utos.
- Ang mga pansamantalang kautusang ito ay **nagbibigay ng kapangyarihan sa mga taga-California na mamagitan, protektahan ang mga karapatan ng mga indibidwal na nasa krisis** at hindi itinuturing na kaparusahan sa ilalim ng batas.

## PAANO PINANANATILING LIGTAS NG KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL ANG MGA TAO?

- Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril sa California ay **tumulong na maiwasan ang 58 banta ng maramihang pamamaril** sa unang tatlong taon mula nang magkaroon ng bisa.
- Tumutulong ang mga Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril na maiwasan ang mga pagpapakamatay gamit ang baril, na bumubuo sa kalahati ng pagkakamatay na sanhi ng baril sa estado. Ipinapakita ng data na ang pagpapatupad ng isang katulad na batas ay nakatulong na humantong sa isang **14-porsiyentong pagbaba** sa rate ng pagpapakamatay gamit ang baril sa Connecticut.

## SINO ANG MAARING MAGHAIN NG KAHILINGAN PARA SA ISANG KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL SA CALIFORNIA?

Malaya kang makapaghain ng kahilingan para sa isang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril. Kabilang sa mga kuwalipikadong petitioner ang:

- Isang miyembro ng pamilya o mahal sa buhay na nauugnay sa pamamagitan ng pagiging kadugo, kasal, o pag-aampon.
- Isang kasalukuyan o kamakailang miyembro ng sambahayan at kakuwarto.
- Isang katrabaho na may regular na pakikipag-ugnayan sa taong nasa krisis nang hindi bababa sa isang taon, na may pag-apruba mula sa employer.
- Isang guro o empleyado sa isang middle school, hayskul, kolehiyo o unibersidad kung saan nag-aaral ang taong nasa krisis sa nakalipas na anim na buwan, na may pag-apruba mula sa isang administrator o superbisor ng paaralan.
- Tagapagpatupad ng batas, kabilang ang mga opisyal ng kapayapaan ng California.
- Isang indibidwal na may child-in-common o may romantikong relasyon sa taong nasa krisis.

**KUNG IKAW O ANG ISANG MAHAL SA BUHAY AY AKTIBONG NAKAKARANAS NG ISANG KRISIS AT NASA NAPIPINTONG PANGANIB NA MAGDULOT NG PINSALA SA SARILI O SA IBA, TUMAWAG SA 911.**

Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE OF EMERGENCY SERVICES

Para sa karagdagang impormasyon sa Mga Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, mangyaring bisitahin ang **GunSafety.CA.gov**